Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-1 NG SETYEMBRE,1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 201-T´99**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA ANG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) NA INILAAN NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAILEY BRIDGE SA BAYANG ITO AY MAILIPAT TUNGO SA PAGPAPAGAWA NG "FARM-TO-MARKET ROAD" SA BARANGAY LABUIN NG BAYAN DING ITO.**

**SAPAGKA´T,** binigyang-pansin at pagpapahalaga ng bayang ito ang pagsasagawa ng mga pagawaing makatutugon sa pagpapataas ng antas ng kabuhayan sa bansa;

**SAPAGKA´T,** kakambal ng layuning ito ay maipalaganap ang programa ukol sa pagsasaka upang makatugon sa kasapatan at kaseguruhan sa pagkain ng ating mga mamamayan;

**SAPAGKA´T,** malaking bahagi ng lupang pansakahan ang sumasakop sa bayang ito;

**SAPAGKA´T,** nangangailangan ang bayang ito ng mga daang bukid-tungo-sa pamilihan upang mapabilis at mapadali ang pagdadala ng mga kagamitang pansakahan maging sa pagluluwas ng mga inani buhat sa sakahan;

**SAPAGKA´T,** mahalagang mailipat ang pondong ilalaan ng pamahalaang panlalawigan sa pagpapagawa ng tulay (Bailey Bridge) tungo sa pagkakaroon ng farm-to-market road" upang higit na mapalaganap at mapalawig ang programang "food security" para sa higit na kapakinabangan ng nakakaraming mamamayan;

**SAPAGKA´T,** ang tulay (Bailey Bridge) sa kasalukuyan ay pansamantalang naisaayos ng Kgg. Punong Bayan upang magamit sa maayos na daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na ang halagang P2,000.000.00 na inilaan ng Pamahalaang Panlalawigan para sa pagpapagawa ng bailey bridge sa bayang ito ay mailipat tungo sa pagpapagawa ng "farm-to-market Labuin ng bayan ding ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Pinuno sa Pagsasaka, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANG... NG BAYAN ...
RECEIVED
BY: ...
DATE ...
S... CRUZ, LAGUNA